


Valley Transportation Authority

# *TALAAN NG IMPORMASYON: Transit-Oriented Development*

## River Oaks Station

### Pangkalahatang Ideya

Ang River Oaks campus ay matatagpuan sa 3331 North First Street sa San Jose, California. Sa kasalukuyan, ginagamit itong mga punong-tanggapang pang-administratibo ng VTA, ganun din ng lote ng park-and-ride para sa mga pasahero ng light-rail ng VTA na pumupunta sa katabing Istasyon ng River Oaks. Sa kasalukuyan ay pinuproseso ng VTA ang paglilipat ng mga punong-tanggapan nito patungong sentro ng bayan ng San Jose, at ang 17 ektaryang lote ng River Oaks ay may potensyal na magamit para sa isang Transit-Oriented Development (TOD), na may magagandang disenyo ng proyekto na mayroong espasyong pang residensyal at panlibangan na malapit sa pampublikong transit.




### Transit-Oriented Development

Ang Transit-Oriented Development Program ng VTA kasosyo ng munisipyo, organisasyon na non-profit, at pribadong mga partner para magpasigla ng pag-develop ng pabahay, pangkomersyo, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong sa pagdami ng mga sumasakay sa transit at mag-aambag sa isang masiglang komunidad. Sa mga hinihiling ng Transit-Oriented Development ng VTA, kasama rito ang 25% pabahay sa isang partikular na lugar na dapat ay abot-kaya ang halaga.

Ang development na ito ay kaayon ng Policy ng Transit Oriented Development ng VTA na nagtatampok sa mga pamantayan at pamamaraan ng Programa.

### Mga Layunin

- Ihanda ang lugar para sa Transit-Oriented Development sa hinaharap, pasimula sa pakikipag-ugnayan sa komunidad.
- Magpasigla ng pag-develop, kabilang na ang abot-kayang pabahay na mga oportunidad na malapit sa transportasyon
- Magsulong ng disenyo ng urban na magpapaganda ang paligid ng mga naglalakad, magamit para sa bisikleta, at pagkonekta sa transit
- Pataasin ang pangmatagalang kita para sa mga operasyon ng transit

### Mga Resulta

- Pabahay na malapit sa mga istasyon ng transit na magseserbisyo sa mga sambahayan na mayroong iba't ibang antas ng kinikita, na makakatulong sa pagtugon sa panrehiyong krisis sa pabahay
- Mga benepisyong pangkapaligiran at kalusugan ng publiko, kabilang na ang mas malinis na hangin at mas mababang mga pagbuga ng greenhouse gas
- Palakihin ang mga sumasakay sa transit at bawasan ang umaasa sa kotse, para lumuwag ang trapiko
- Pahusayin ang pagiging nakikipagsabayan pagdating sa ekonomiya - kaakit-akit sa mga employer ang mga lugar ng TOD
- Mga pakinabang sa pamayanan at sa piskalya - maaaring lumikha ang mga TOD ng malaking katipiran para sa mga sambahayan (mas kakaunti ang gagastusin sa transportasyon ng mga taong nakatira malapit sa transit)

### Mga benepisyo

- Matutugunan ang Pangangailangan sa Pabahay -Nakakatulong na matugunan ang krisis sa panrehiyong pabahay
- Mga Benepisyong Pangkapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Nakakabawas sa Pagiging Umaasa sa Kotse - nababawasan ng mga TOD ang umaasa sa kotse at napapababa ang mga pangangailangan sa paradahan
- Pagiging Nakikipagsabayan sa Ekonomiya - kaakit-akit sa mga employer ang mga lugar ng TOD
- Mga Benepisyo para sa Pamayanan at Piskalya - nakakalikha ang TOD ng malaking katipiran sa sambahayan (mas kakaunti ang ginagastos sa transportasyon ng mga taong nakatira malapit sa transit)

### Iskedyul ng Proyekto/Development

Nagde-develop ang VTA ng pananaw upang makipagtulungan sa komunidad. Walang espesipikong proyekto na kasalukuyang iminumungkahi para sa lugar na ito.

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**Community Outreach ng VTA**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY

***www.vta.org/riveroaksdevelopment***
***community.outreach@vta.org***